

## Paano ako mag-aaplay?

Para sa lahat ng programa ng Pampublikong Tulong, kabilang ang Tulong Sa Pagpapainit, maaari kang mag-aaplay sa iyong lokal na tanggapan o Ahente ng Bayad ng bayan. Ang isang napi-print na aplikasyon ay matatagpuan sa <https://dhss.alaska.gov/dpa/Pages/forms.aspx>.

Para sa Medicaid, maaari kang mag-aaplay online sa [www.healthcare.gov](http://www.healthcare.gov) o <https://my.alaska.gov>.

## Mayroon bang website kung saan maaari kong malaman ang higit pa?

Oo. Kumuha ng higit pang impormasyon tungkol sa lahat ng programa ng Pampublikong Tulong sa <https://dhss.alaska.gov/dpa/Pages/default.aspx>.

## Paano ko malalaman kung ang aking mga anak o ako ay karapat-dapat?

Makakatanggap ka ng liham na nagpapaliwanag ng pagpapasiya sa iyong pagiging karapat-dapat, karaniwan sa loob ng 30 araw, ngunit mas maaga para sa mga pang-emerhensiyang benepisyo ng SNAP o iba pang lubhang apurahang sitwasyon.

## Paano ko magagamit ang mga benepisyo kung makukuha ko ang mga ito?

Hawak ng Alaska Quest Card ang iyong SNAP at ATAP, kung naaangkop. Ang mga benepisyo ng SNAP ay maaaring gamitin upang bumili ng pagkain saan mo man makita ang tatak ng QUEST. Maaaring ma-withdraw ang mga benepisyo ng ATAP mula sa isang ATM. Kung pipiliin mo, ang mga benepisyo ng ATAP at APA ay maaaring direktang ideposito sa iyong account sa bangko.

Ang isang Medicaid Identification Card ay ibinibigay kung ikaw ay naaprubahan para sa mga benepisyo ng Medicaid. Ang mga bayad sa Tulong sa Pagpapainit at Pangkalahatang Tulong sa Kaginhawaan ay ipinapadala sa mga negosyong nagbibigay ng serbisyo.

## Paano ako makakahanap ng higit pang impormasyon?

Tawagan ang Dibisyon ng Pampublikong Tulong sa 1-800-478-7778 o bisitahin ang isa sa aming mga tanggapan:

Anchorage  
University Center  
3901 Old Seward Hwy., Suite 131  
Anchorage, AK 99503

Fairbanks  
675 7th Ave., Station E  
Fairbanks, AK 99701

Juneau  
10002 Glacier Hwy., Suite 201  
Juneau, AK 99801

Kenai  
11312 Kenai Spur Hwy., Suite 2  
Kenai, AK 99611

Ketchikan  
2030 Sea Level Drive, Suite 301  
Ketchikan, AK 99901

Kodiak  
211 Mission Road, Suite 101  
Kodiak, AK 99615

Nome  
214 E. Front Street  
Nome, AK 99762

Sitka  
304 Lake Street, Suite 101  
Sitka, AK 99835

Wasilla  
855 W. Commercial Drive  
Wasilla, AK 99654

## DIBISYON NG PAMPUBLIKONG TULONG

# Pampublikong Mga Programa ng Tulong



Alaska Division of Public Assistance  
Dept. of Health & Social Services  
P.O. Box 110640  
Juneau, Alaska 99811-0640

## Mga Magagamit na Programa

### Programa ng Pansamantalang Tulong ng Alaska (Alaska Temporary Assistance Program, ATAP)

Tinutulungan ng ATAP ang mga pamilyang may mababang kita na makahanap at mapanatili ang mga trabaho, at nagbibigay ng mga pangunahing pangangailangan ng pamilya habang nagtatrabaho patungo sa pagsasarili. Ang ATAP ay limitado sa 60 buwan para sa karamihan ng mga pamilya. Nagbibigay ito ng buwanang cash na benepisyo, pangangalaga sa bata, at iba pang mga serbisyo upang matulungan kang makakuha at manatili sa trabaho. Ang ATAP ay maaaring magbigay ng cash na tulong sa mga kamag-anak ng tagapag-alaga ng mga bata na ang mga magulang ay wala sa bahay.

### Programang Tulong Sa Pandagdag Na Nutrisyon (Supplemental Nutrition Assistance Program, SNAP)

Ang isang balanseng diyeta ay mahalaga sa pagpapanatili ng mabuting kalusugan. Ang SNAP (dating kilala bilang Food Stamps) ay makakatulong sa mga indibidwal at pamilya na patagalin ang kanilang buwanang badyet sa pagkain. Ang pagiging karapat-dapat para sa programa ay nakadepende sa laki ng isang sambahayan at sa kabuuang kita ng sambahayan. Walang limitasyon sa oras at maraming nagtatrabahong pamilya ang maaaring maging kwalipikado. Ang mga indibidwal ay hindi kailangang tumanggap ng Pansamantalang Tulong para makakuha ng mga benepisyo ng SNAP.

### Pampublikong Tulong sa Adulto (Adult Public Assistance, APA)

Ang APA ay nagbibigay ng pinansiyal na tulong sa mga mahihirap na taong may mababang kita, may edad, bulag, at may kapansanan. Maaaring maging karapat-dapat ang mga indibidwal kahit na hindi sila tumatanggap ng mga benepisyo ng Karagdagang Seguridad sa Kita (Supplemental Security Income, SSI). Ang mga tao ay maaaring tumanggap ng APA kung sila ay higit sa 65 taong gulang, bulag, o may malubha at pangmatagalang kapansanan.

### Tulong sa Pagpapainit

Ang Programang Tulong sa Pagpapainit ay tumutulong sa mga kwalipikadong sambahayan na may mababang kita na magbayad para sa mga gastos sa pagpapainit sa taglamig. Ang Tulong sa Pagpapainit ay para sa parehong mga umuupa at may-ari ng bahay. Nagbibigay ito ng isang beses na benepisyo sa mga karapat-dapat na sambahayan na gagamitin para sa pagpapainit at mga nauugnay na singilin sa kuryente.

### Talamak at Malubhang Tulong Medikal (Chronic and Acute Medical Assistance, CAMA)

Ang CAMA ay isang programang pinondohan ng estado na idinisenyo upang tulungan ang mga nangangailangang Alaskan na may mga partikular na karamdaman na makuha ang pangangalagang medikal na kailangan nila upang pamahalaan ang mga sakit na iyon. Ito ay pangunahing programa para sa mga taong edad 21 hanggang 64 na hindi kwalipikado para sa Medicaid, may maliit na kita, at hindi sapat o walang seguro sa kalusugan.

Upang maging kwalipikado, ang isang indibidwal ay dapat magkaroon ng nakamamatay na sakit, cancer na nangangailangan ng chemotherapy, chronic seizure disorder, malalang sakit sa pag-iisip, malalang hypertension, o malalang dyabetis.

### Medicaid

Ang Medicaid ay nagbibigay ng medikal na saklaw sa mga Alaskan na mababa ang kita. Kabilang sa mga karapat-dapat na grupo ang mga batang mababa ang kita, mga buntis na kababaihan, mga pamilya, mga nasa hustong gulang sa pagitan ng edad na 19 at 64 na walang mga umaasang anak, mga matatanda, bulag at permanenteng may kapansanan. Walang limitasyon sa oras at maraming nagtatrabahong pamilya ang maaaring maging kwalipikado.

### Mga Benepisyo ng Senior

Ang Mga Benepisyo ng Senior ay nagbibigay ng mga cash na benepisyo sa mga residente ng Alaska na may edad na 65 o higit pa na may mababa hanggang katamtamang kita. Ang mga limitasyon sa kita ay batay sa mga Alituntunin sa Pederal na Kahirapan ng Alaska at magbabago bawat taon. Ang mga halaga ng benepisyo ay nakatali sa lehislatibong pagpopondo at maaaring magbago anumang oras.

### Kababaihan, Mga Sanggol at Bata (Women, Infants & Children, WIC)

Ang WIC ay isang programa sa nutrisyon na tumutulong sa mga buntis, bagong ina, at mga batang wala pang 5 taong gulang na kumain nang maayos, matuto tungkol sa mabuting nutrisyon, at manatiling malusog. Maaari kang maging kwalipikado para sa WIC kahit na hindi ka tumatanggap ng iba pang uri ng tulong.

### Pangkalahatang Tulong sa Kaginhawaan (General Relief Assistance, GRA)

Ang GRA ay nagbibigay ng mga pinakapangunahing pangangailangan ng mga Alaskan na walang personal na mapagkukunan. Upang makatanggap ng GRA, kailangan mong magkaroon ng emerhensiyang pangangailangan at hindi karapat-dapat para sa tulong sa iba pang mga programa ng tulong. Maaaring magbayad ang GRA para sa tirahan o mga utilidad. Nagbabayad din ito para magbigay ng libing para sa mga mahihirap.

### Tulong sa Pag-aalaga ng Bata

Ang Programang Tulong sa Pag-aalaga ng Bata ay nagbibigay ng tulong sa mga gastos sa pangangalaga ng bata para sa mga kwalipikadong pamilya na nagtatrabaho o nakikilahok sa isang programa sa edukasyon o pagsasanay. Kung karapat-dapat, maaari kang makatanggap ng tulong sa pangangalaga ng bata para sa mga batang wala pang 13 taong gulang, o hanggang sa edad na 19 kung ang iyong anak ay may kapansanan sa pag-unlad. Ang pagiging karapat-dapat ay batay sa laki ng iyong pamilya at sa iyong kabuuang kita (bago ang mga buwis).



Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Tulong sa Pag-aalaga ng Bata, mangyaring tumawag sa 269-4500 sa Anchorage o 1-888-268-4632 sa buong estado.

**Division of Public Assistance  
(Dibisyon ng Pampublikong Tulong)**